# Ang Iyong Anak ay Pumapasok sa PREKINDERGARTEN

## Tungkol sa mga Apat-na-Taong-Gulang

4

Ang pinakaabala at pinakaaktibong mga bata sa silid-aralan o sa bahay ay ang mga apat-na-taong-gulang. Gusto nilang nasa isang lugar na maraming batang kaedad nila at waring laging ginagamit ang kanilang malalaking kalamnan upang tumakbo, lumundag, umakyat, at magtulak.

Kung minsan ang mga apat-na-taong-gulang ay mahirap maintindihan. Isang minuto, may tiwala sila at malakas ang loob, at sa susunod kailangan nila ng muling pagpapalakas ng loob. Ang mga bata sa murang edad ay kailangang purihin sa kanilang pagsisikap at himukin na siyasatin ang kanilang mundo. Gayunman, dapat nilang sundin ang mga tuntuning ginawa para sa kanilang kaligtasan. Kailangan nilang matuto ng kalayaan at gumawa ng ilang makakatwirang pagpili para sa kanilang mga sarili, pero dapat din silang magkaroon ng mga matatag na limitasyon.

Likas sa mga apat-na-taong-gulang na subukan ang mga limitasyong inilagay sa kanilang asal at mga aksiyon. Kailangan nilang malaman ang pagkakaiba ng tama at mali. Kailangan nilang himukin na sundin ang mga tuntunin ng paaralan, pero kailangan din nila ng makikinig sa kanilang panig ng istorya. Tandaan na karamihan sa mga apat-na-taong-gulang ay gustong makipagtulungan. Pero sila ay masyadong abala upang unawain ang mga istratehiya sa paglalaro at pakikipagtulungan sa iba. Nagsisimula silang maintindihan ang mga dahilan ng mga tuntunin at pinag-aaralan ang ibig sabihin ng maging isang kaibigan. Ito ay isang mahirap na trabaho, lalo na sa mga batang bago pa lamang nagsisimula sa buhay sa paaralan.

## Ang ilang bagay na dapat malaman at magawa ng iyong anak bago pumasok sa prekindergarten ay kabilang ang, pero hindi limitado, sa:

- Magsimulang pumili at sundin ang mga palagiang gawain, tulad ng pakikinig sa isang istorya bago matulog
- Magsimulang kilalanin ang kanyang pangalan na nakalimbag
- Malaman kung paano hihingi ng tulong sa isang may sapat na gulang
- Kilalanin ang isang paboritong libro sa pabalat nito at paghiling na ito ay basahin nang malakas
- Pagiging mausisa tungkol sa mga letra, salita, numero, at pagbibilang
- Pag-uulit ng mga bahagi ng tugmaan o ilang salita mula sa mga pamilyar na kanta
- Pagsunod ng basikong dalawa o tatlong-hakbang na mga direksiyon, tulad ng, "Kunin ang iyong dyaket, isuot ito, at tumayo malapit sa pinto."
- Pakikinig ng istorya kapag binasa nang malakas
- Maingat na paghawak ng mga libro
- Pagsunod sa ilang basikong tuntunin sa bahay, tulad ng pagtatago ng mga laruan

## Ano ang pag-aaralan ng iyong anak sa prekindergarten?

Ang programa sa pagtuturo ay oorganisahin upang suportahan ang pag-unlad ng iyong anak sa pitong sukat ng kaunlaran ng maagang pag-aaral: pag-unlad na personal at panlipunan, wika at karunungang bumasa't sumulat, pag-iisip na gumagamit ng matematika, siyentipikong pag-iisip, araling panlipunan, sining, at kaunlaran ng katawan at kalusugan. Ang pagiging interesado sa mga istorya at libro ay isa sa pinakamahalagang mga pagtingin na nabubuo ng mga bata sa mga taon bago sila magsimula ng pagbabasa. Sa dahilang ito, mapapansin mo na ang pagtuturo sa wika at ang karunungang bumasa't sumulat ay isang pangunahing pag-uukulan ng panahon sa programang prekindergarten ng iyong anak.

*Ang mga bata sa murang edad ay kailangang purihin sa pagsisikap at himukin na siyasatin ang kanilang mundo.*



## *Bumuo ng palagiang gawain na pagbabasa at pag-uusap. Magtakda ng isang espesyal na oras upang magbasang kasama ng iyong anak at makipag-usap sa kanila araw-araw.*

## May mga bagay na puwede mong gawin upang suportahan ang pag-aaral ng iyong anak sa prekindergarten kabilang ang, pero hindi limitado sa:

### Kaunlarang Personal at Panlipunan

- **Hayaan siyang gawin ito para sa kanyang sarili.** Maglaan ng oras para bihisan ng iyong anak ang sarili sa umaga at sa gabi ay humingi ng tulong sa kanya sa pagpili ng damit na isusuot kinabukasan sa paaralan.
- **Lumikha ng mga ritwal –** Magtatag ng mga palagiang gawain sa pagtulog, paghahandang sumakay sa kotse, pagpunta sa paaralan o tagapag-alaga ng bata, pagsasabi ng paalam, at iba pa. Ang mga ritwal ay tumutulong sa maliliit na bata na makadama ng pagiging ligtas at may kontrol.

### Wika at Karunungang Bumasa't Sumulat

- **Hayaan siyang isalaysay ang istorya.** Sabihin sa iyong anak na ipaliwanag ang kanyang nakikita sa mga larawan ng isang libro na magkasama ninyong binabasa.
- **Bumuo ng palagiang gawain na pagbabasa at pag-uusap.** Magtakda ng isang espesyal na oras upang basahan at kausapin ang iyong anak araw-araw, tulad ng pagkatapos maghapunan, o kapag siya ay naghahanda nang matulog. Magbasa anumang oras at makipag-usap tungkol sa mga tauhan, ideya, at mga nangyari sa istorya!
- **Isulat ang kanyang pangalan bilang isang tanda.** Upang makatulong sa iyong anak na matandaan ang kanyang pangalan, isulat ito sa isang tanda na ikakabit mo sa pinto ng kanyang silid-tulugan.
- **At saka ipasulat sa kanya ang kanyang pangalan.** Hayaan ang iyong anak na isulat ang kanyang pangalan sa mga letra o kard na ipadadala mo sa mga kaibigan o kamag-anak.
- **Kumuha ng dikta.** Himukin ang iyong anak sa sabihin ang kanyang mga ideya, at saka isulat ang mga ito para sa kanya. O ipalagay sa kanya ang mga ideya sa papel sa anyo ng mga larawan, na malalagyan mo ng tatak upang ipadala sa mga kamag-anak. Sabihin sa iyong anak na magdikta ng liham ng pasasalamat o isang imbitasyon sa isang kamag-anak o kaibigan.

### Pag-iisip na Gumagamit ng Matematika

- **Unawain ang tindahan ng groseri.** Sabihin kung paano inaayos ang mga pagkain sa tindahan: cereal sa bahaging ito, de-latang prutas sa bahaging ito, mga papel na paninda doon, at iba pa.
- **Ituro at itatag ang mga huwaran.** Dalhin ang kanyang atensiyon sa mga huwaran sa gilid ng isang alpombra o ayusin ang mga buton, krayola, o piraso ng laro sa magkakaibang huwaran at tingnan kung maipagpapatuloy ng iyong anak ang mga huwaran.
- **Patuloy na magbilang.** Magkasamang bilangin ang mga tanda ng pagtigil, mga ilaw ng trapiko, mga istasyon ng gas sa pagitan ng inyong tirahan at ng tindahan ng groseri. Maghanap ng mga libro sa pagbilang sa aklatan, at habang binabasa mo ang mga ito, magkasabay na bilangin ang mga bagay sa mga larawan.

### Siyentipikong Pag-iisip

- **Maghanap ng mga libro tungkol sa kalikasan.** Pumunta sa aklatan at humiram ng mga libro tungkol sa mga tutubi at bahay-uod, dinosaur, ibon — mga hayop na interesado ka at ang iyong anak. Makipag-usap tungkol sa paraan ng paglaki ng mga hayop, saan nakatira ang mga ito, paano nagbabago ang mga ito, at iba pa.
- **Tulungan ang iyong anak sa kanyang mga tanong.** Makinig na mabuti kapag ang iyong anak ay nagtatanong ng mga tanong na "bakit" at magplano ng mga paraan upang palahukin siya sa paghahanap ng mga sagot, tulad ng pagtatanong sa isang eksperto, paghahanap ng isang libro, o magkasamang pagmamasid upang makalikom ng ebidensiya.

### Araling Panlipunan


- **Makipag-usap tungkol sa inyong pamilya.** Pag-usapan ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa inyong mga edad, sukat, buhok at kulay ng buhok, at mga talento (halimbawa: kakayahang kumanta, gumuhit, maghalaman, magtubero, magtrabaho sa mga kotse o motorsiklo, at iba pa).
- **Makipag-usap tungkol sa trabahong ginagawa ng mga tao.** Habang ginagugol mo at ng iyong anak ang araw, makipag-usap tungkol sa lahat ng taong nakikita ninyo na ginagawa ang mga trabaho upang tulungan ang ibang mga tao.

### Ang Sining

- **Ibahagi ang mga kanta ng iyong kabataan.** Turuan ang iyong anak ng ilang kantang kinanta mo sa paaralan o kampo.
- **Ipakita sa kanya na mahalaga sa iyo ang kanyang ginagawa.** Magpakita ng interes sa trabahong ginagawa ng iyong anak at sa mga likhang sining na ginagawa niya.

### Kaunlaran ng Katawan at Kalusugan

- **Himukin ang iyong anak na kumilos at lumahok sa mga aktibidad.** Magkaloob ng oras sa labas sa inyong looban o sa parke maraming beses sa isang linggo.
- **Turuan siyang magluto.** Turuang maging abala ang maliliit niyang daliri sa pamamagitan ng pagpapahintulot na tumulong ang iyong anak sa paghahanda ng pagkain sa paghuhugas ng mga gulay, paghahalo ng cake batter, pagpapatuyo ng mga kasangkapan.



MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
Achievement Matters Most

**Maryland State Department of Education - Early Learning Office**
**Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 410-767-0335.**

Tagalog